


# Forget Crisis but not Christ

It's a sad fact that this year's Yuletide season is a crisis ridden celebration. But inspite of the hard times, people still try to celebrate with the traditional gift-giving and the "noche buena."

Busy sidewalks and glittering lights, decorated stores and houses, and new clothes are the "breezes of air" apathy of the Gulf War, oil price hike, inflation, putschs and other major setbacks in our economy can't stop the Filipino from celebrating Christmas. People tend to forget all the hardships and difficulties just to make the Nativity the happiest time of the year.

Forget Crisis but not CHRIST.

Crisis is one of the signs of the second coming. A message everyone must convey, a suffering every individual must feel and a burden man in the street should carry.

Yes, it's a season of forlorn but considered as the day of redemption. This is the time of the year to remember Christ's birthday, bring back ourselves to Him being His prodigal sons.

Even without material things, Christmas is here to stay as it is but with a Christless Christmas, we have no more reason to celebrate.

– MFSN


# Heraldo Filipino

OFFICIAL STUDENT PUBLICATION OF DE LA SALLE UNIVERSITY-EMILIO AGUINALDO COLLEGE

Vol. 6 No. 4 | Dasmarinas, Cavite | December 1990


Special Christmas Issue

## Pasko sa ilalim ng pulang ilaw

ni: Miel S. Nora

"Tara, wala namang *exam* bukas at saka prelims pa lang naman?", aya ng mga kasama ko sa dorm. Saan? ang tugon ko. Saan pa, "tripping" pupunta tayo sa Shaw Boulevard, doon sa Erotica, manonood ng alam mo na at iinom lang ng kaunting beer. Sumama ako palibhasa first time lang naming pumunta doon ng tropa. Masaya kaming umalis kantahan kami at sigawan habang naglalakbay sa loob ng L-300 na pag-aari ng anak ng Senador.

Sa aming pagdating, medyo lahat kinakabahan kasi it's our first time, ani nga ng isa, umuwi na lang tayo't baka ma-raid pa ng pulis. Dehins sagot ni Wreeko, nandito na rin lang tayo eh, di subukan na natin!

Pagpasok, agad sinalubong kami ng sikyo at kinapkapan. Akala ko kung ano na. Sa loob, bumungad kaagad sa amin ay isang hubad at walang saplot na nilalang sumasayaw, iniindayog ang kanyang balakang, pinatatalsik ang malalantik na kamay at ang mata'y nang aakit na wari kang nagsasabi na halika't yakapin ang aking katawan. Lahat kami'y nabigla at natulala sa nakita, may isa pa nga sa amin na tila nasa "state of shock" sa loob ng sampung minuto. Hindi namin napansin ang makapal na manonood na kalalakihan sa aming likod na animo'y asong hayok at uhaw na uhaw. Sinigawan kami, "Ano ba ang babastos niyo may nanood sa likod, hara ng hara kayo diyan!. Ani ko na lang sa sarili ko sino kaya ang bastos sa amin?. Dinala kami ng waiter sa isang mesang malapit sa stage, at doon agad kaming dinulutan ng malamig at nagyeyelong beer kaalinsabay ang aircon na todo ang lamig. Lahat kami'y kinakaligkig. Patuloy ng pag-sasayaw ng bebot sa ilalim ng pulang ilaw, patuloy ang pag-indayog ng "Coca colang katawan". Sa aming kapapanood hindi namin napansin na umaga na pala at ang dose-dosenang beer na aming nainom. Kayat agad sumenyas ng kuwadrado ang isa sa aking kasama na simbolo ng 'chit'. Malapit ng sumikat ang araw ng kami ay umuwi, ang iba nagtutukatok na sa antok. Subalit ako at ang isa kong kasama na si Nato, ay tahimik at tila may iniisip at bumagabag. Kaya't tinanong ko siya, Chong anang problema?. Pare, iniisip ko lang ang mga babaing sumasayaw kanina, paano nila nasisikmura ang sumayaw at mag benta ng aliw?. Nato, pareho pala tayo ng iniisip. Alam mo sadyang ganyan, sa hirap ng buhay ngayon lalo pa at magpapasko, kahit sa patalim ay kumakapit, pero ang tanong wala na bang alternatibo at saka bakit?. Ewan ko Nato, ewan ko.

Hindi kami nakatulog nag-iisip, tahimik hindi namin napuna nasa dorm na pala kami.

Bisperas ng Pasko, muling nagkayayaan ang tropa, muli akong sumama. Hiling ni Bert kasi at huling gimmick ng tropa.

Muling bumungad sa amin, ang pulang ilaw at sa ilalim nito ay ang mga babaing sumasayaw ng walang saplot. Gaya pa rin ng dati kaakit-akit at tila walang kapagurang magpakita ng maseselang parte ng katawan sa entablado. Nabigla kami nang si GHE, Bernie at Lito ay tinawag ang waiter upang humingi ng kateybol. Akala namin ilalabas at aabusuhin ang mga naggagandahang babaeng iteteybol, yun pala kakausapin lang nila.

Nang maiteybol, binaling ng tropa ang kanilang mga mata sa mga babaing katabi. Maganda si Karen "BJ" Espinosa, pang model talaga, Cristina Gonzalez, siyete hawig ni Snooky at Candy 'BJ" de Jesus hawig ni Ana Roces ng That's Entertainment. WOW!, ang gaganda niyo bakit kayo pumasok sa ganitong trabaho?, tanong ni Darii. Sampu kaming magkakapatid at ako ang tanging pag asa na buhayin sila, ay ang trabahong ito, tugon ni Karen. Buti hindi mataray. yung dalawa sina Cristina at Candy ay magkapatid pala na pinangakuan na bibigyan ng magandang trabaho dito sa Maynila subalit inabuso ng sindikato. At doon napadpad pagkatapos.

Eh, paano ang Pasko niyo? tanong ni Bert. Dito sa ilalim ng pulang ilaw, sasayaw at patuloy na mangaaliw ng mga taong hayok sa laman sagot ni Candy. Lahat tumahimik at natulala. Hindi napigilan ni Welnoh ang pagtulo ng luha. Ganoon din si Bob at Kanor.

Nabasag ang katahimikan ng biglang magsalita si Ghe. Candy, okay lang ba sa iyo kung ipasok kitang sekretarya ng Erpats ko. Tumunghay si Candy. Ngumiti. Maari bang maqualified ang isang second year highschool lang. Oo, bakit hindi, tugon ni Ghe. Eh, ikaw naman Karen doctor ang Father ko gusto mong magtinda ng gamot, ipapasok kita, tanong ni Bernie. Sige, kahit ano basta mapaalis lang ako sa ganitong uri ng trabaho. Cristina, may school kami kailangan din ng sekretarya, payag ka rin ba? tanong ni Lito. Makahihindi ba naman ako eh mukhang ang babait niyo.

Sabi ko na lang sa sarili ko, masisisi mo ba ang mga babaeng ito kung sumayaw at magbenta ng laman gayung ang hirap ng buhay? Buti na lang may mga taong tulad nina Ghe Bernie at Lito na marunong umunawa at tumulong sa kapwa alang-alang sa diwa ng Pasko.

## *Waiting for Santa*

by: Marivic Jeniffer Lazo

*I remember a man,*
*Who used me to tell me stories about Christmas,*
*He was the one who taught me*
*About you, Santa*
*I learned the joyful songs through him*
*And I experienced the happiness*
*that was brought by that night.*

*When I was 6,*
*He used to carry me to the Church*
*When the great bells are rung.*
*I remember when I caught him*
*placing a peso in my X'mas socks*
*All of these . . I treasured in my childhood.*

*Now, the scent of Yuletide is here*
*Everything is in its supreme*
*Trees are filled with golden and silver lights*
*How Lovely! It is almost perfect*
*If. . . . .*

*Santa, I wish for my father*
*If I could only stretch my prayers to him*
*I'd like to see him because I don't know where he is. . . .*
*Well . . . I can say no more*
*I'll just wait. . . .*

*Maligayang Pasko*
*at Manigong Bagong Taon*
*sa inyong lahat.*

# Maligayang Pasko, Kaibigan

ni: Lailanee S. Pascua



*. . . bakit wala man lamang akong nalaman na siya'y may sakit na Leukemia!*

Kay bilis ng panahon, dumating na naman ang Paskong kinapapanabikan ng lahat. Ang Paskong ang lahat ay nagbibigayan at nagmamahalan. Inaalala ang nakalipas na mga pangyayari.

Ang aking babatiin sa Paskong darating ay isang kaibigang mahal sa akin. Kaibigang inunawa, pinagmalasakitan at pinagtuunan ng pagmamahal hanggang sa ngayon. Kung aking ibabalik ang aking mga alaala siya ay isang masayahing kasama, maalalahanin.

Masayahin, siya'y palaging nakangiti, tumingin lamang sa kanyang maaliwalas na mukha'y majibsan na ang kalungkutan. Kung magkuwento siya'y palaging masaya walang mababakas na kalungkutan. Tawang nakapagpapangiti sa taong may mga suliranin.

Maalalahanin, handang tumulong sa lahat ng aking mga kakailanganin at kailangan sa lahat ng oras.

Handang lumaban, isinusugal ang sarili upang ipaglaban ang tamang katwiran ng isang kaibigan mahina ang loob. Pinaninindigan ang pagtulong lalo na sa kagipitan.

Matalino, hindi maikakaila ang kanyang likas na kaalaman sa lahat ng mga pinag-aaralan halos lahat ng pinag-uusapan tungkol sa isang paksa ay kanyang naipaliliwanag ng may kaliwanagan.

Matatag, hindi makikita sa kanyang mukhang tulad ng isang anghel ang mga nagdaang kabiguan at pagsubok sa buhay lalo na sa kanyang suliraning pinapasan sa pamilya. Lumiligid man sa kanyang mga mata ang luhang malapit ng bumagsak ay pinipilit na huwag lumuha, pinipilit na kulayan ng masigla ang mga araw na dumaraan.

Ngunit bakit siya nawala? Hinihintay ko ang kanyang pagdating sa kubong aming tigilan nang may isang lalaking lumapit sa akin at sinabing hindi na siya darating tumuloy ka na sa iyong pupuntahan at sabay alis ng walang anu-ano. Hindi ko malaman kung ako'y susunod sa sinabi ng lalaki o kung hihintayin ko ang aking kaibigan. Nabuo sa aking sarili na siya'y hihintayin ko kahit anong mangyari. Makalipas ang maraming oras na paghihintay, lumubog na ang araw sa silangan, nabuhayan ako nang may isang babaing papalapit sa aking kinaroroonan ang sambit ko'y siya na nga! Magmula sa isang anino nagliwanag ang kanyang buong katauhan at kanyang tinanong kung bakit naghihintay pa rin ako, sagot ko na lamang ay nais kitang makita. Hindi siya sumagot at kanya na akong inihatid. Pagdating namin sa bahay ang sabi niya'y hindi muna makikipagkita sa akin dahil malayo ang kanyang pupuntahan ngunit siya'y babalik. Hindi na ako nakaimik at siya'y lumisan na, malayu na siya'y tinatanaw ko pa rin inaasahang sana'y maipaliwanag ang nais niyang ipahiwatig.

Kinabukasan maaga akong nagising, nasa halamanan ako ng may tumawag sa akin, ang aking Inay, may naghahanap daw sa akin. Pumasok ako sa bahay at nagulat ako nang makita ko kung sino ang aking bisita siya ang lalaking kumausap sa 'kin kahapon. Tinanong ko siya kung sino ba siya talaga at ano ang sadya niya sa akin. Noon ko lamang nalaman na siya ay ang lihim na kasintahan ng aking kaibigan, pumarito siya upang ipabatid sa akin na ang aking kaibigan ay wala na, na binawian na ng buhay kahapon ng hapon. Nagtungo siya kahapon sa kubo dahil ipinakiusap ng aking kaibigan sa kanya na hindi na siya makapaparito. Ayaw niyang paalam sa akin na siya'y nasa ganoong kalagayan, ayaw niyang malaman ko na ang aking kaibigan na hinahangaan ay may karamdaman, karamdamang hindi na malulunasan na naging sanhi upang ipangako ng kanyang kasintahan na hindi banggitin sa akin. Kaya nga raw ng magbalik siya sa ospital at nasabi ang nangyari ay ngumiti na lamang at saka sinabing siya'y magtutungo sa malayong lugar ng'ınit siya'y babalik at kanya akong hahanapin at ipaliliwanag ang nangyari. Hindi na ako nakaimik sa aking mga narinig sa kanyang kasintahan ang katanungan ko na lamang sa aking sarili ay bakit wala man lamang akong nalaman na siya ay may sakit na LEUKEMIA! at sino ang naghatid sa akin sa bahay gayong binawian siya ng buhay ng kahapunan?

Sa kanyang huling hantungan ay pilit kong pinipigil ang aking pagluha dahil ayaw na ayaw niyang ako ay lumuluha nang dahil lamang sa isang pagsubok na ipinagkaloob sa akin. Madilim na'y parang ayaw ko pang umalis sa kanyang tabi na masakit isipin na ang lahat ng masasaya naming nakaraan ay biglang magwakas sa di tamang oras at sa di tamang panahon.

Hanggang sa ngayon ay narito pa rin siya sa aking isipan, naghihintay sa kanyang muling pagdating sa kaanyuan ng ibang katauhan sa tamang oras at sa tamang panahon. Lumipas na ang mga Paskong ang buong araw ay kalungkutan sana sa Paskong darating ay may batiin akong Maligayang Pasko Kaibigan.

# LIPAS NA PASKO

ni: Luisa Y. Saldivar

Mahigpit na pagkakahawak sa bintanang dungawan. Nakatanaw sa malayo habang dinadalisay ang sariwang simoy ng hanging amihan. Naliligid ang mga luhang naghahanap ng kasagutan, ang isang nilalang na lipas na ng kanyang kapanahunan. Mababakas sa kanyang mukhang hapis na sanhi ng katandaan ang lunggating tigib kapaitan.

*. . . mahirap pala ang nag-iisa kapag matanda na.*

Si Aling Sela, isa sa mga kinukopkop sa tahanan ng matatanda. Kasama niya roon ang tulad din niyang nilipasan na ng mabilis na takbo ng panahon. Iba-iba ang kanilang karanasan kung paano sila naparoon. Bagaman si Aling Sela ay may kakaibang dahilan kung bakit ninais pa niyang dito manirahan kaysa sa isa man lang sa kanyang tatlong mga anak. Tatlo ang kanyang mga anak na halos sadya yatang nakalimutan na siya. Ngunit hindi niya sila masisi pagkat siya rin ang nagnais doon siya manirahan. Dahil sa palagay niya ang tulad niya'y wala ng silbi at dapat na huwag ng pabigat sa kanyang mga anak at sa kinalalagakan na lang niya hihintayin ang pagtawag ni Bathala.

Nakaligtaan ni Aling Sela na ngayon ay may pintig pa ang kanyang puso at nakakaramdam pa rin ng kalungkutan. Habang minamalas niya ang masayang tanawin, naalala niya ang kanyang kapanahunan. Nangingiti siya kapag naaalala ang mga masasayang pangyayari sa kanyang buhay at halos maiyak naman kapag nanghihinayang sa mga lumipas na sandali sa kanyang buhay. Naging mabuti rin siyang ina ng kanyang mga anak, napagtapos niya ang mga ito sa kanilang pag-aaral, ngunit siya'y sadyang mapagmataas kaya't minabuti niya ang mag-isa sa kanyang katandaan. Ngayo'y nais niyang ibalik ang kanyang kabataan at gawin lahat ang hindi niya naisakatuparan. . . . . ngunit huli na ang lahat. Wala na siyang lakas na tulad noon. Pero, sadya bang kaparusahan sa kanya ang matinding kalungkutan. Hinahanap-hanap niya ang kanyang mga anak. . . . . . mahirap pala ang nag-iisa kapag matanda na.

Maya-maya'y may humawak sa kaniyang balikat.

"Lubha yatang malalim ang iniisip mo, Sela", wika ni Aling Chedeng, isa rin sa mga matatandang naroroon.

Ngiting pilit lamang ang kanyang isinagot at hindi niya naikubli ang naliligid niyang mga luha.

"Siguro'y naiisip mo ang kapaskuhan at nalulungkot ka dahil naaalala mo ang iyong mga anak. Baka naman marami lamang gawain. Sela, alam mo ang mga matatandang tulad natin ay hindi na dapat nagiging mapaghanap. Para lamang sa mga bata ang Pasko", paliwanag ni Aling Chedeng.

"Chedeng, wala na ba talaga tayong papel sa kapaskuhan dahil ba sa uugod-ugod na tayo. Alalahanin mong may puso pa rin tayong pumipintig at nakadaramang kalungkutan. Di ba't ang tunay na diwa ng Pasko ay pagmamahalan at pagbibigayan. Ang hinihiling ko lamang naman ay maramdaman ko ang pagmamahal na iyan kahit ngayon lamang kapaskuhan", wika ni Aling Sela na hindi na napigilan ang pagluha.

Natahimik si Aling Chedeng at naisip niyang PARA SA LAHAT nga pala ang kapaskuhan.

"Tama ka, Sela dapat ring bahaginan tayo ng diwa ng Pasko. Habang ilang sandali na lamang ang natitira sa ating buhay. Hindi nga pala sinabi ng Panginoon na ang kanyang pagmamahal ay para sa mga bata lamang o ang Pasko ay sa bata lang ngunit ito'y para sa lahat, alo ni Aling Chedeng.

Hanggang sa biglang lumapit ang isa sa kanilang kasamahan at ipinaabot na nariyan ang mga anak ni Aling Sela. Hindi maipaliwanag ni Aling Sela ang kaligayahan na kanyang nadarama. Dininig ng Diyos ang kahilingan ni Aling Selang makibahagi sa kapaskuhan.

Para sa mga bata nga lang ba ang Pasko?

# KRISIS-MAS

by: Nyra D. Colinares
BSN I–3

*Kaylamig na ng panahon*
*December na kasi*
*And that means Christmas season na*
*Ilang araw na lang*
*Noche buena'y matitikman ulit.*

*Noong nakaraang Christmas*
*Mga tao'y parito't paroon*
*Bumibili ng kung anu-ano*
*Upang maihanda sa araw ng Pasko*
*At mapagsaluhan ng buong pamilya.*

*Pagdating ng araw ng Pasko*
*Lahat ng suot ay bago*
*Bagong damit, sapatos, alahas, atbp.*
*Kulang na lang yata*
*Ay baguhin ang mga mukha.*

*Ngayon ay Pasko na naman*
*Bansa nati'y naghihirap pa rin*
*Lahat na lang yata ay limitado*
*Baka bukas, makalawa'y*
*Paghinga nati'y limitado na rin.*

*Sa ganitong sitwasyon*
*Christmas nati'y magiging KRISIS-MAS*
*Puro bago pa rin kaya ang makikita natin*
*At masasarap na pagkain kaya ang matitikman?*

*Baka bihira na lang*
*Ang magsusuot ng bagong damit, sapatos, atbp.*
*Subali't isaisip natin*
*Na ang mahalaga sa panahong ito*
*Ay bagong attitude at prinsipyo sa buhay.*

*Walang ibang dapat baguhin*
*Kungdi ang sarili natin*
*Sikapin nating magbago*
*Upang sa susunod ang Christmas natin*
*Ay hindi na maging KRISIS-MAS.*

**POEMS**

# SANTA CLAUS IS CRYING

by: Lalaine Y. Solita




*I*

*The once long awaited season*
*is being turned back with a reason.*
*A pain to which everyone is afraid of*
*is living with a heart which was soft.*

*II*

*It was the center of loving*
*Trying to forgive for nothing*
*Doing his best to please the children*
*But it's now destroyed by it's stem.*

*III*

*Here we are with the cold breeze*
*Falling around are dried leaves.*
*To climate, it was confirmed*
*but to the heart, it's always blamed.*

*IV*

*We are once ready for Christmas Eve*
*Foods for the Thought, we always give*
*It seems now that it's the other way around*
*Material things when near, we're proud.*

*V*

*The smallest eyes that man possess*
*is now smiling with a heart undressed.*
*The smallest hand is even afraid*
*because he doesn't know why he was made.*

*VI*

*Only few people rushed to the store*
*and his skin is living with a sore.*
*Thinking of ways on how to save money*
*and laughing even if nothing is funny*

*VII*

*I know you don't have to struggle for it*
*but you don't have to stand on their feet*
*It's Christmas and you're needed now*
*so please try to work and live for now.*

*VIII*

*Santa used to have a jolly laugh*
*and now, he learned that it's not enough*
*You don't have to be children's hero*
*When you only give what man can draw.*

*XI*

*But wait, can you see that child*
*he's thinking with a mind so mild*
*He knows more than you do*
*And he's even praying for you.*

*X*

*"Lord, They don't understand what I want*
*because they don't know what they need.*
*They taught I always demand on things*
*as if I'm a chicken who only wants to be fed."*

*XI*

*"Thank You because your day again comes*
*and people will be walking with a smile.*
*It's true that they'll be giving me some*
*but the truth is not in one's file."*

*XII*

*"I just hope that you can shower us with love*
*because Christmas for me is the Season of Love*
*All of us knows the term*
*but only few understands the term."*

*XIII*

*People nowadays replaces love with luxury*
*They don't know how to express love freely.*
*It's also what Santa Clause knew*
*that's why children materially grew.*

*XIV*

*Christ was born to give a gift that's priceless*
*Christmas is the season when we remember it.*
*Loving doesn't make man anything less*
*We just have to feel and work for it.*

*MERRY CHRISTMAS! ! !*

## *Ito Ba Ang Pasko?*

ni: Grace M. Monzon
B.S. Physical Therapy, II–3

*PASKO . . . . . . araw na pinananabikan,*
*Bagong sapatos at mga damit na nag-gagandahan,*
*Ang sa isa ng department store ay pinagpipilian,*
*Upang isuot sa araw ng kapaskuhan.*

*May mga dekorasyon na nag-gagandahan,*
*Sa mga Christmas tree na nagtataasan,*
*Patay sinding ilaw at iba't-iba ang kulay,*
*Na iyong makikita sa bawat tahanan.*

*Ngunit, ito ba ang Pasko?*
*Kuntento ka na ba sa ganito?*
*Bakit hindi ipamahagi ang mga nalalabi,*
*Sa mga mahihirap at nangangailangan.*

*Aanhin ko ang bagong damit,*
*Bagong sapatos at masasarap na pagkain,*
*Kung ang ating bayan ay lumulubog pa rin,*
*Sa hirap ng buhay ako ay naguguluhan.*

*Tayo'y magkaisa at magmahalan,*
*Sa araw-araw hindi lamang kung kapaskuhan,*
*Kailangang magbigayan at pagtulung-tulungan,*
*Ang mga suliranin ng ating bayan.*

*Pasko ito na ang kapanahunan,*
*Panibagong bukas ay ating simulan,*
*Sa ating mga kamay nakasalalay,*
*Ang pag-angat nitong ating bayan.*

*Pagkakaisa lamang ang ating kailangan,*
*Upang maramdaman natin ang tunay na kapaskuhan,*
*Na nagmumula doon sa kaitaasan,*
*At kanilang isasabog dito sa sandaigdigan.*

# PASKO . . .

ni: Rommel M. Restrivera

*Kay lamig ng simoy ng hangin*
*Ang mga ilaw ay nakakatawag pansin*
*Tao'y nagiisip na nang mga regalong bibilhin*
*Para sa kaibigan, kamag-anak at mga mahal natin.*

*Isang taon na ang nakalipas, Pasko na naman*
*Kay sarap gunitain, taong nagdaan*
*Taong puno ng saya at katatawanan*
*Mga pangyayaring naguusig sa isa pang kinabukasan*

*Kaysaya ng mga tahanan sa Paskong sasapit*
*Ang mga pamilya'y nagkakalapit-lapit*
*Mano po Lolo, Mano po Lola, ng mga apo'y sinasambit*
*At sabay-sabay makulay na parol ay isabit*

*Tila nga tuwing Pasko, lahat ay masaya*
*Mga ngiti ng bata ay di nakakapagtaka*
*Pagkain at tsokolate, kanilang minamayat-maya*
*Laruang bigay ng Ninong at Ninang kanilang kinatutuwa*

*Mansanas, ubas, suman ah di nawawala*
*Sa makulay na lamesa ay nakahanda*
*Mayroon pang murkon at hamon*
*Na talaga namang napapanahon*

*Sa tunay na kahulugan, Pasko'y ipagdiwang*
*Bawa't tao, dapat ay magmahalan*
*Buong mundo, isipin [illegible] kapayapaan*
*Ipagdasal mithiiy maging [illegible]katotohanan*

*Si Jesus Kristo ang dahilan ng kasiya[illegible]*
*Saaraw na ito'y, naging isang nilalang*
*Nilalang na umako lahat ng kasalanan*
*Upang iligtas sa kasamaan ang sangkatauhan.*




## *Panalangin sa Kapaskuhan*

ni: Luisa Y. Saldivar

*Diyos na mahabagin,*
*Mundo ay kalingain,*
*Sa darating na kapaskuhan*
*Kami sana'y aliwin,*
*Kahit na lubhang mahirap damhin,*
*Dahil sa kaguluhan at tiisin namin.*

*(Para sa mga issue sa coup)*
*Huwag na sanang dalawin*
*Ang Disyembre ng mga "coup attempt"*
*Katulad ng nakaraang*
*Ikinasindak natin.*
*Akala noon Pasko ay liliban,*
*Sa kalendaryo ng sambayanan.*

*(Para kay Pareng Saddam)*
*Sana'y magwakas na*
*Ang kaguluhan sa gitnang silangan,*
*Huwag na sanang abutin ng kapaskuhan*
*Nang madama naman ni Pareng Saddam,*
*Ang tunay na diwa . . . . . . . . .*
*Ng isang Kristiyanong kapaskuhan.*

### Christmas Love note . . .

*(from page 4)*

*Greetings:*
*Hi! Antiochers (Better living) Joy Laureta, Maritess, Joann and Co. I miss you all. . . .*
*From Robert D.J.*

* * * * *

*To: Carla, Joyce, Sese, Kathleen, Badette, Ai-Ai, Jay, Heinji, Tobby, Lloyd, Marvin, Leah, Cielo and Co.*
*Best of times!*
*Merry Christmas!*
*To: All the C.S. members*
*Break a leg!*
*God Bless,*
*Marlou & Bobby de Jesus*

* * * * *

*Happy Birthday-Andrea B. (Dec. 10) and good luck!*
*From Trebor*

* * * * *

*Dearest Carla Jones*
*. . . I Love you forever*
*From 2nd floor, Admi*

* * * * *

*God Bless all my friends. . . . Heraldo's Miel and Joy; Mountaineering Pres. Darell and Betong; Pres. Turk Don of POLISCY; Fedisfron Pres. Bong; SC Congress Sec. Conrad and Wayne; Pres. Security-Rico, Lord, Melvin, Noel, Sonny; Chief/Staff-Carla & Co. Councilor Judy, Jocelyn; CSO's Faye and Naomi.*
*From: The SSC President, Robert De Jesus*

* * * * *

*Jean Espiritu,*
*My heart belongs to you.*
*Betong*

* * * * *

*TRX,*
*I Love You*
*Merry X'mas!*
*E–I–C*

# CHRISTMAS NOTES

*Hello to my wife Charo. I hope we could have children 3 years from now. . . not now. . . problema yon! To those who will be married good luck to you Jenny and Jon, Adgi and Apple. . . welcome to the club, to those who patronized my cupcakes thank you,* **Shane Badiola.**

* * *

*Dearest Karen Grey,*
*We may be miles apart during this very special occasion, but just remember that my heart will always be with you.*

*love,*
*King T.*

* * *

*Noemi Morales*
*Everytime I think of Christmas, I think of you, coz' it's the time of sharing, caring, loving and being happy.*

*Anonymoussc*

*P.S. Christmas won't be the same without you. – June 29*

* * *

*Hi! to the B.T. boys, Wreeko, Wellno, Turk, R.D.J., Betong and Don from Darii.*

* * *

*Greetings to Black Mamba, Douglas, Bogart and Black Widow from Black beauty.*

* * *

*Merry Christmas to Santa Claus! from Darell & Bobby.*

* * *

*To all the members of the Mountaineering Club, Hi! And don't worry we will be going out soon from the President.*

* * *

*December 12,*
*Happy Holidays! I wish to have you someday. . . .*
*January 5*

* * *

*Mom and Kuya Ben,*
*Merry Christmas and a Happy New Year. Mom, I love you. Kuya Ben thank you.*
*Gigi*

* * *

*Seasons greetings to Peggy lou, Claire, Janet, Antonette, Ning, Nilbert, Albrin, Mauia, Ronald Claide from LMV.*

* * *

*Jealo,*
*Happy Christmas and take care.*
*Tetya*

* * *

*Greetings to Eric L., Jay U. and Dexter (the Blood Bank Boys) and to Mhay, Buddy, Brent, Lloyd, Alfie and to my family. Merry Christmas and a happy new year to you all.*
*from Nick Arca.*

* * *

*I wish to extend my thousand and one thanks to Ms. Taguiang for the consideration of my Biochemistry subject and also to Mr. Malihan. Merry Christmas and more power. RML '90.*

* * *

*To Norma Sarinas, Merry Christmas and a simple new year. J. Reyes.*

* * *

*Erwin F.B. Whether you like it or not, I will greet you a Merry Christmas and a Happy New Year!*

* * *

*Greetings to Sonny Boy B., Toto Eric, Alvin P., Dennis A., Mane, Boy A., Paul S., Caesar J., Kire, Keempee, Thess, Melay, Erwin, Tanie Boy, Randy T., Snacku, Jean, Jojo, Mark, Fern'z, Vicky, Sid, Bennie, Richie Rich, Style D., Ferdie O., Rolen and especially God (naku! ) and to the best group of P.2. CO.*

*To Mr. Boyet Rasing and Mr. Lawrence Libot, Merry Christmas and Happy New Year.*
*with Love,*
*RJNMICCK*

**GREETINGS! ! !**

*MERRY CHRISTMAS to Shelby Calipes from his sister "the great."*

* * *

*A very MERRY CHRISTMAS and A HAPPY NEW YEAR to my friends, classmates, teachers, and of course my mum and dad. Hi! Ferdie, Klondy, Joy A., Noel, Noemi, Judy, Chelly, Nick, Jenny, Tootsie, Miel, Shane, Gigi, Joy O., Karen, Joemar P., Jun J., Jobert, Francis, Bong S., Robert de J., Mira, to our adviser Mr. Joemar G., my former teacher Ms. Alba, my favorite Ms. Dogelio, lots love on X'mas Reea.*

* * *

*GREETINGS:*

*Hi to Tania M., Helen E., Edna D., Cristina S., Jenny S., Winnie D., and special THANKS to MR. ARQUERO, MR. SIM, and to MR. ALVARAN and also to our DEAN CORLETO for supporting us in our activities.*
*To all second year BA. . . . You're the best! ! !*

*LEI, LOUIE (LYS)*

**GREETINGS! ! !**

*Belated Happy B-day to Ms. Rogehni Nono (Nov. 23), Ms. Ayra Puno (Nov. 30) and to our beloved, and big man of the class Mister Albert Verdad.*
*Merry Christmas and a Happy New Year! ! ! to my dearest classmates Rogh, Thess, Florence, Eves, Ayra, Irene, Cute, Ruby, Ivy, Juvy, Maybel Ana She, Beth, Vange, Che Pie, Chery, Millet, Shella, Elaine, Delf, Rommel, Warren, Sonny, Boss, Bugs, Grace, Chad, Roel, Doc, Nels, Lala, Love, JJ, Jason, Baste, Chary, Dennis, Marlene, She, Mar, Bubbles, Judith, Lara Relly my beloved Brothers Eric and Kuya and to all my friends.*
*Greetings coming from Lannie.*

**GREETINGS! ! !**

*Belated happy birthday to Med B., Sheila P., Maie M., Jeff P. and to Lovely R. Advance happy birthday to Shine F. and to all BSN.*

*MERRY CHRISTMAS AND A HAPPY NEW YEAR to my beloved friends ("The JP Girls"); to Marissa Mercado, my ever supportive friend, May God bless you always; To Karen Palis, my sweet and loving friend, please stay as sweet as you are; To Rona Manalo, my beautiful and kind friend, Goodluck to all your plans; And to Joan Baybay, my long missed friend, hoping to see you next sem. GREETINGS also to April, Reyna, Donna, and Teh, thank you very much for everything! Hi to Rm. 206, Vicky, Gerald, Jing and to my sister, Iralee, God bless you all. To HERALDO, E-I-C, MERRY CHRISTMAS. GOD BLESS. From TRX.*

*Merry Christmas, Happy New Year and Happy Vacation to Joy, Contessa, Mel, Xerxelle, Sheila, Mark, Anne, Ate Ging-ging, Analyn, Lyn Rose, Jen-Jen, Tracy, Carmela, Aileen, Tess, Cristine S., John S., Ferdie, John J., to all Dorm 3 girls, my classmates (P.T. 2-3 & B.S.N. 2-3). P.T.C. and Teatro La Sallista members, and Heraldo Staffers! ! !*

*From: ZEL F.*

*Special Thanks to Mel, Sheila, John S., Beth, Fresie N., and Ryia. . . . From, ZEL F.*

*Advance Happy Birthday to Tracy G., Tess S., Joy F., Lyn Rose, Ate Ging-Ging and Analyn.*
*From, ZEL F.*

*Merry Christmas to Dean Joya, Sister Marjorie of nursing, PT's Dean and Dean Capayas.*
*From HF Family*

*To the PGC Girls, PGC and PGC Girls:*
*Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon sa inyong lahat! ! ! God Bless you all.*
*Regards to Jackie.*

*Lovelots,*
*MIEL S. NORA*
*Heraldo Filipino, E-I-C*

* * * * *

**GREETINGS**

*MERRY CHRISTMAS AND A HAPPY NEW YEAR to: my dear bestfriends, Nova Macandili and Rommel Restrivera; a very special person, Bong Siojo; Sheila Menor; the residents of 121 Jump St., King, Bobby (?), Darell, Noel, Turk, Rico, Betong, Don, Eric; and the first ladies, TRX and Enchie; Lord and May-Ann; the great 'cookz' and dishwashers, Reshelle, Olive, Allan, Mark, Van; Meg; Heraldo Filipino editors and staff, Ms. Trinidad and Mr. Aguinaldo; Ms. Napicol; Dean Campos; Jho Castro; officers of AS council and Mr. Gonzales; Mr. Alvaran, Ms. Ambojia, Ms. de la Cruz, NatSci faculty, Mr. Arboleda; Maureen, T. Ogie, Mum and Lolit; Joks, Lorns, Leah, Rowie, Amphy, Aimee, Ron Q., and all from UPRHS; UST PT '90 especially to Judith, Cris, William, Marie, Daphine; Jo, Glen, Alex Ty; Comelec members; LoAnn, Bong and Ivy; and the best singer, Rex Joseph P. from J.H.A.*

* * *

*Happy birthday to my friends Jane L. and Susan R. More power to the surviving P.T. proper – bases, Carla, Clarie, Cecille (! ), Ms. Ang, Juvy and Rizza. Hope we'll hve two more X'masses together! To J.U. hope I'll have X'Mas with you forever!*

*Fr. I.M.V.*

GREETINGS OF HELLO TO THE FOLLOWING:

1. Glenn Saul
2. Jun Lacson
3. Dennis Santero
4. Ronald Agatep
5. Melvin D. Soriano
6. Siegfred Pedrajas
7. Mr. Jo-mar Gonzales
8. Verna 'SSC' de Castro

ADVANCE HAPPY, HAPPY BIRTHDAY TO RAY MANUEL ESTRELLA. TAKE CARE AND GOD BLESS ALL OF YOU. . .

ADVANCE HAPPY BIRTHDAY (18th) TO MISS GRACE MONZON ON DECEMBER 27, 1990. Good luck na lang sa career mo. . . . from all of us. . . . BSPT II–3

*Ms. May Pacio, Ms. Dogelio, Ms. Alba, Mr. Ordonez, Ms. Penaranda, Mr. Gonzalez, Ms. Gatpandan, Ms. Dela Cruz, Ms. Taguiang and friend of the natural science department.*
*Engr. Lumactud, Engr. Tan of Calculus.*
*Ms. Ambojia, Mr. Aguinaldo, Ms. Brazos, Ms. Trinidad and Faculty of Language Department.*
*Mr. Tenorio and Arboleda of B.A.*
*Ms. Baradi of Computer*
*Dean Laura Campos, Mr. Geda of the Registrar (the best), EVP an AVP and to all Deans we salute you. . . .*
*Merry Christmas and a Happy New Year. God Bless you all.*
*We love you,*
*From:*
*Miel S. Nora and Robert "Bobby" de Jesus*

*Especial mention to Mr. Ed "Handsome" Lumandas and Family*
*Merry Christmas and a Prosperous New Year.*

* * * * *

*Miel, TRX and*
*BOBBY D.J.*

*To my family – Tatay, Nanay, Ate Doris and Kuya Roland, Ate Lil and Kuya Pabs, Ate Lenie and Ate Fe.*
*Merry X'mas, Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon.*
*Love, Miel*

*Dear all members of TEATRO!*
*May the spirit of Christmas remain in your hearts. MERRY CHRISTMAS AND A HAPPY NEW YEAR!*
*love you all,*
*Derick E.*

*To the DLSU-EAC Taekwondo club,*
*In good times and in bad times we share a common goal for our unity is unequaled!*
*Merry Christmas and a Happy New Year!*

*love lots,*
*Derick E.*

*Dear Miss Ivy Villanueva,*
*This is the time when love fills the air everything is in it's place. Your being you fills my heart with more than I ask, so let me tell you now that with you the spirit of christmas will remain in my heart.*
*Merry Christmas and a Happy New Year!*

*Derick*

*Dear SSC Staff & CSO Staff,*
*Keep up the good work, I know God is guiding you all in whatever you do. The time to give has come, so lets' give them what they deserve. MERRY CHRIST AND A HAPPY NEW YEAR!*
*Derick E.*

*Dear ate Eva & ate Mel,*
*Thanks for all the advices that you gave me regarding on, you know. . . . MERRY CHRISTMAS AND A HAPPY NEW YEAR! ! !*
*Derick E.*

*To: Social Science Dep't.*
*Sec. Adm.*
*Faculty of Religion Dep't.*
*CM Family*
*Math Dep't.*
*Maligayang Pasko! ! !*
*from H. Fil.*

*Happy Holidays*
*Esp. Greetings to Himig (HPPC) and Men's Choir*
*Hello to all RT student and to C-9*
*See you next year*

*Good Bless*
*J. Saylon*

*Bro. Gilbert, Darren Lopez, Mr. Alvaran, Mr. Arnold Callado, Mr. Borreo and Faculty.*
*Merry X'mas! ! !*
*Miel*

*GREETINGS*

*Belated happy birthday to Med B., Jeff P., Sheila P., Maie M., Nyra C. of BSN I-3 and to Lovely R. of BSN I-1. Advance happy birthday to Shine F. and Glorious Christmas and Prosperous New Year to all BSN I-3 students especially sa barkada ni Fatty, ni Boyet, ni Donna, ni Angie, ni Chelly, ni Je, ni Itchell, ni Mike, ni Gina at ni Ida and also to our adviser Ms. A. Sirios. Greetings from your president and thanks to Rosalie A.*
*Hi to Anna C. of BSN I-1, Charley A., Chris C., and to Precious of PT I-8; Rona A. of BSBio; Alvin C. of BSRT; Eli F. of BSBA and to all cadets of 2020 COY 2nd Platoon of CS 12. Greetings from Joselito V. Aguilar of BSN I-3.*

*A White Christmas to the following: Jeng, Jenny (JPL), Arlene, Ana Fe, Jaydine, Benedict, Jonas, Dino, Gerry, Froilan, Rommel Egy (PKY) Dos (AMV), Arlo, Richard, Paul Lemon, INXS – also to Audio Mode and CB Crew to Bio 1-3 and LA 1-1 (Happy Vacation and see you next year)*

*(Continued on page 3)*

**Heraldo Filipino**
De La Salle University-Emilio Aguinaldo College
4114 Dasmariñas, Cavite

## EDITORIAL BOARD

**MIEL FELOMINO S. NORA**
Chief Editor

**JOY ALCID**
Associate Editor

**ROBERT DE JESUS**
Managing Editor
In-charge for X'mas Issue

**IMELDA VILLANIA**
Science Editor

**ROGHENI NONO**
**DON DIMACUHA**
Office & Circulation Manager

**ROY DARVIN**
Chief Artist

**ERIC CHUA**
Sports Editor

**EUGENE MANALO**
Chief Photographer

**STAFF**

Rommel Restrievera
Reynard Juanir
Catherine Rivera
Gary Beredo
Luisa Saldivar
Leonor Tenorio
Lalaine Solita
Lailanee Pascua

Felix Flores III
Jose Capistrano Jr.
Jun Saylon
Darrell Concepcion
Mary Jane Veneracion
Shiela Rupido
Teresa Villanueva
Michael Camato

Michelle Roncal
Joselito Aguilar
Catherine Bilocura
Oliver Madrid
Nyra Colinares
Zel Fuentestina
Philip Kah Espina
Noel Evera

Artist

Bong Siojo
Nick Arca

Rico Gaudier
Robert Alvarez

Carlo del Carmen
Ruter Agati

**Mr. ANGELO AGUINALDO**
Adviser